

# 1

“Okay na ’yan, Lolo. Ako na po ang bahala,” natatawang sabi ni Lianne kay Lolo Manuel habang inaagaw rito ang mga isinasalansang pinggan, baso at kubyertos na huhugasan. Katatapos lang nilang mag-almusal noon.

“Ang kulit. Sige na nga, ikaw na diyan,” ani Lolo Manuel sa apo, hinayaan na siya sa mga hugasin.

“Baka rayumahin pa kayo sa lamig ng tubig kapag kayo pa po ang maghuhugas ng mga ito,” biro pa niya na sinundan ng tawa. Umaga na kasi nang tumila ang malakas na ulan.

“Aba, ang batang ito at inasar pa ako,” kunwa’y galit na sabi ng matanda.

“Joke lang, Lolo,” malambing na sabi ni Lianne na sinundan ng mahigpit na yakap dito. “Kayo pa po ang aasarin ko, eh, love na love ko kayo?”

“Naku, nambola pa ang maganda kong apo,” tugon nito.

“Mana lang ako sa inyo.” Nagkatawanan pa ang dalawa.

“Magandang lahi o magaling mambola?”  
natatawang tanong ng matanda.

“Pareho!” sagot ng dalaga na sinundan ng tawa.

Gamit ang baston ay lumakad na papunta sa sala ang matanda, naupo sa rocking chair at pinanood ang paboritong morning news program.

Ipinagpatuloy ni Lianne ang pagliligpit at paghuhugas ng mga pinagkainan. Ulila na siya sa ama at ina. Six years ago nang sabay na namatay ang kanyang mga magulang sa isang vehicular accident habang bumibiyaha ang mga ito galing Baguio dahil sa dinaluhang seminar ng business group na kinabibilangan. Second year college siya noon sa kursong Hotel and Restaurant Management samantalang nasa huling semester naman sa kursong Architecture ang kanyang Kuya Lander. Mula noon ay masasabing si Lolo Manuel na ang tumayong magulang ng dalawang magkapatid. Ito ang nagpatuloy sa pagtustos sa kanyang pag-aaral, gayundin sa review classes ng kanyang kuya bago kumuha ng board exams ang huli. Ang matanda na rin ang pansamantalang namahala sa restaurant na naiwan ng kanyang mga magulang. Mabuti na lamang at nanatiling tapat ang mga tauhan doon kung kaya’t nakapagpatuloy ang maayos na takbo

ng negosyo.

Ipinagpapasalamat niya una sa Dios, pangalawa ay sa kanyang lolo, at sa mga namayapang mga magulang kung anuman ang biyaya at ginhawang nadarama nilang magkapatid ngayon. Maayos na ang posisyon ng kanyang kuya sa isang kilalang architectural firm. Last year ay nag-asawa na ito at kapapanganak lang ng kanyang hipag.

Si Lianne naman, nang makatapos sa kolehiyo, ang nagpatuloy ng pag-aassikaso at pamamahala sa restaurant.

Makaraan ang ilang taon, naging mahina at sakitin si Lolo Manuel at na-diagnose na may brain tumor. Dahil dito, kinailangan na nitong magpahinga na lamang sa bahay. Sa patuloy nitong paggagamot at madalas na pag-inom ng fresh fruit juice at tamang diet, himalang nalampasan pa nito ang dalawang taong taning na unang ibinigay ng doktor. Subalit dala na rin marahil ng katandaan, hindi na bumalik ang dating kalakasan ng matanda.

Sa proper training na kanyang natutuhan sa pinasukang university, at sa madalas na pag-oobserba sa pamamahala ng mga magulang sa restaurant noong nabubuhay pa ang mga ito, maayos niyang napamahalaan ang negosyo. At dahil matatagal na

rin nilang kasama ang ilan sa mga tauhan ay parang isang pamilya na sila kung magturingan. Bagay na nakatulong para mapagaan ang pamamahala ni Lianne sa negosyo. Kilala pa rin ang nasabing restaurant na iyon sa lugar nila sa Sta. Maria, Bulacan. Bagaman kabi-kabila ay nagsusulputan na ang iba't ibang fast food and restaurant chains sa kabayanan ay hindi pa rin sila nawawalan ng mga customers. Bumibisita pa rin ang mga matatagal nang suki ng kanyang mga magulang. Nadagdagan pa ng mga estudyante at young professionals. Siguro dahil na rin sa mga nangyari sa kanyang buhay kaya naging financially at emotionally independent na si Lianne.

Matapos ang mga ligpitin ay nag-shower na siya at nagbihis. Pupunta siya sa kabayanan para i-check ang negosyo. Bahagi na iyon ng kanyang routine sa araw-araw. Malaki ang naging tulong ni Aling Charing, ang tapat na katiwala nila buhat pa noong nabubuhay ang kanyang mga magulang. Dahil dito ay hindi nangangailangang matali ang oras niya sa restaurant nang buong araw. May oras siya para maalagaan ang kanyang lolo. Kung nasa restaurant naman siya, ang mag-asawang katiwala na kasambahay na nila noon pa mang nabubuhay ang mga magulang niya ang nagbantay sa kanyang lolo, sina Nana Cely at Tata Oscar.

Pagkagaling sa restaurant ay dumaan siya sa palengke at bumili ng sariwang prutas at gulay para sa kanyang lolo. Dahil sa magdamag na pag-ulan, medyo maputik at matubig ang gilid ng kalsadang nilalakaran niya. Ingat na ingat siyang naglalakad upang huwag madulas o matalisikan ng tubig at putik.

Bitbit ang mga pinamili, tinahak niya ang daan patungo sa pila ng mga tricycle pauwi sa kanila. Dahil paliko siya sa may kurbada, nabigla si Lianne nang makita ang isang humaharurot na abuhing SUV. Bagaman di siya mahahagip nito dahil nasa gilid lang siya, hindi naiwasan ang maruming tubig na agad na sumaboy sa kanya matapos madaanan ng gulong ng sasakyan ang naipong tubig sa gilid ng kalsada. Hindi siya nakakilos agad. Para siyang naligo ulit dahil basang-basa siya. Hindi bale sana kung malinis na tubig, pero may halo pa yatang putik at maliliit na basura ang tumilamsik sa kanya.

“Shucks!” bulalas niya nang makita ang dumi at tubig na bumasa sa kanya. Gulantang pa rin siya. Hindi niya malaman kung paano pupunasan ang sarili dahil sa mga bitbit niya. Basang-basa at putik-putik din ang kanyang damit, braso at binti.

“Miss, I’m sorry, di ko sinasadya,” sabi ng isang boses mula sa kanyang likuran.

Parang noon lang siya nakakilos at nilingon ang nagmamamay-ari ng boses. Ito ang nagmamaneho ng sasakyang nakabasa sa kanya. Hindi niya maikakailang guwapo at matikas ang lalaki. Bakas sa mukha nito ang pangamba at hiya dahil sa nagawa. Inis naman ang agad na bumangon sa kalooban ni Lianne kaya't isang matalim na irap ang ibinigay niya rito.

Mabilis siyang tumabi at ibinaba ang mga bitbit sa bakanteng sementong bench doon. Hinanap niya ang panyo sa bulsa ng suot na palda at pinagtiyagaang ipunas iyon sa sarili. Pero ano ba ang magagawa ng kakapirasong telang iyon sa dami ng tubig at putik na tumilamsik sa kanya?

“Miss, I said I’m sorry. Di ko talaga sinasadya.” Nasa tabi na niya ang matangkad na lalaki. Sumunod pala ito sa kanya sa may bench.

Sa gitna ng inis, nasamyong niya ang masuyong bango nito. Napatingin siya rito. Hindi niya alam kung bakit pero parang nakaramdam siya ng pagka-asiwa sa titig ng estranghero. Hindi rin siya makaapuhap ng sasabihin. Parang naumid ang kanyang dila habang nakatingala rito. Agad niyang binawi ang tingin at ipinagpatuloy ang pagpupunas sa sarili. Pati ang suot niyang damit ay basa ng maruming tubig. Nang balikan ni Lianne ng tingin ang lalaki, nakatingin pa

rin ito sa kanya. Isang pinong ngiti ang kumawala sa labi nito.

Na-conscious si Lianne. Pinamulahan siya ng mukha. *Ano ba 'tong nararamdaman ko?*

Agad niyang pinagtakpan ng pagtataray ang tila bumabangong attraction sa lalaki.

“Ano’ng magagawa ng sorry mo? Basang-basa ako,” paasik na sabi niya. “Ang dumi-dumi ko pa!”

“Hindi ko talaga sinasadya, medyo nagmamadali lang talaga ako,” paliwanag ng lalaki.

“Yun pa. You should not drive that fast. Buti nga at walang bata o matandang naglalakad dito na baka mahagip mo sa kawalan mo ng pag-iingat.”

“Kaya nga I’m very, very sorry,” nahihiyang sabi pa ng kaharap, napapakamot pa ng ulo.

“Look what you’ve done!”

Umiral ang pagkapilyo ni Clint, napikon sa babaeng ayaw tanggapin ang paghingi niya ng paumanhin. At dere-derecho pa talaga ang bibig nito, ayaw man lang pakinggan ang katuwiran niya.

*Napakataray!* kanina pang naiisip niya.

“Miss, kasi kapag alam mong may tubig at may

dadaang sasakyan, di ka dapat d'un tumatapat, dahil may tendency talagang matilamsikan o mabasa ka," pamimilosopo niya.

Nainsulto si Lianne sa katuwiran ng lalaki. "At ako pa ang sinisisi mo, gan'un?" Lalong nag-init ang ulo niya sa kapreskuhan nito.

"No, its not like that. What I am trying to say is that—"

Di pa natatapos ang sasabihin nito, tumalikod na siya, bitbit na muli ang mga pinamili.

Sinabayan siya ng estranghero sa paglakad at nag-alok ng tulong.

"Tutulungan na kita d'yan sa mga dala mo," sabi nito. "Gusto mo ihatid na din kita."

Sa halip na matuwa ay lalo pang nainis si Lianne sa alok ng lalaki. Parang nakakaramdam kasi siya ng inis sa mga ngiti nito sa kanya.

*At ano ang nasa isip ng lalaking ito? Na porke guwapo siya ay papayag na akong pahatid sa kanya? Ano ang tingin niya sa akin, cheap?*

"Huwag na! Sa asal mong 'yan, baka ipatanaw mo pang utang na loob sa akin pag natulungan mo ako." Nagpatuloy na siya sa paglakad at nagmamadaling

tinungo ang pila ng tricycle.

*Bwisit, antipatiko, walang modo! Guwapo nga, mayabang naman! Iyon ang ipinagmamaktol niya sa sarili habang bumibiyahe pauwi.*

---

Samantala, nakarating na sa ospital si Clint. Natanaw na niya sa nursery ang kanyang pamangkin. Nag-aalmusal siya kanina nang tumawag ang kanyang bayaw. Nanganak na raw ang kanyang ate. Matapos niyang matanggap ang tawag ay dali-dali na siyang nag-shower at gumayak. Pinaharurot na niya ang sasakyan para makarating na agad sa ospital.

Muling bumalik sa isip niya ang nangyari kanina sa bayan. Sa pagmamadali niya kasi at pag-iwas sa asong naglalakad ay hindi niya napansin ang naipong tubig sa gilid ng kalsada. Huli na para iiwas niya ang sasakyan na dere-derechong nagulungan ang naipong tubig sa magdamag na pag-ulan. Agad iyong tumilamsik sa babaeng naglalakad doon.

Dali-dali niyang inihinto ang sasakyan nang makitang may naperhuwisyo siya sa pagmamadali. Hindi niya maikakailang maganda ang dalagang naperhuwisyo niya. So simple and yet striking.

Naalala niya ang maamong mukha nito,

kung saan agad na bumakas ang pagkabigla nang matalamsikan ng maruming tubig. Dali-dali siyang huminto at bumaba ng sasakyan upang humingi ng paumanhin dito.

Nakatalikod ito sa kanya habang pinagtitiyagaang punasan ng dalang panyo ang nabasang braso at binti. Agad niyang napansin ang slim at magandang hubog ng katawan nito bagaman hindi masikip at revealing ang suot na damit. Maputi at makinis ang mga binti at braso ng babae kung kaya't lalong nahalata ang tilamsik ng putik na sumaboy rito.

Hindi tuloy siya agad na nakalapit. Lalo pa't umirap ito nang magtama ang kanilang paningin. Hindi niya napigilan ang mapangiti. Cute pa rin ang babae kahit nagsusungit.

Hindi niya maikakaila ang naramdamang atraksyon sa babae. Sa maikling panahon ng pagsulyap niya rito, na-memorize na yata niya agad ang lahat ng mga detalyeng ng mukha nito. Hindi rin niya alam kung ano ang pumasok sa isip niya at parang gusto niyang inisin ito, bagay na hindi niya naging gawi sa mga babaeng nakakasama niya. Parang natuwa pa siya nang maramdamang napikon ito sa kanya kanina.

Nangingiting napapailing na lang si Clint sa

nagawa.

Pansamantalang inalis niya sa isip ang mga bagay na iyon nang makita niya ang bayaw na naglalakad, katatapos lang kausapin ang midwife. Agad niya itong sinalubong.

“Congrats, ‘Tol! Tatay ka na,” masayang bati niya rito sabay yakap at tapik sa balikat. Close friend din kasi niya ang bayaw sa university pa lang na kanilang pinasukan.

“Salamat, ‘Tol. Tito ka na ngayon. ‘Yung regalo mo sa anak ko, ha.”

Nagkatawanan ang dalawa at sabay nang naglakad patungo sa private room ng ate ni Clint.

---

Nakauwi na si Lianne sa bahay. Laking pagtataka ni Lolo Manuel at nakasimangot ang apo, samantalang ang ganda ng mood ng dalaga kaninang umalis. Hindi rin nakalampas sa paningin nito ang mga basa at putikang damit ng dalaga.

“Ano ba ang nangyari sa iyo at ganyan ang hitsura mo?” agad na tanong ng matanda.

“Hay, Lolo, ang aga-agang buwisit. Naglalakad ako nang bigla na lamang akong natilamsikan ng

maduming tubig dahil sa nagmamadaling sasakyan. Mukha tuloy akong basang sisiw! Amoy putik tuloy ako at ang dumi-dumi ko!”

Napakamot na lang sa ulo si Lolo Manuel. Kilala na nito ang apo. Kapag dere-derecho na ang pagsasalita ni Lianne, tiyak na inis na inis ang dalaga at mainit ang ulo.

“Eh, nakita mo ba kung sino ’yung driver ng sasakyang nakaperhuwisyong sa iyo?” naitanong na lang ng matanda.

Muli niyang naalala ang guwapong mukha ng matikas na lalaki. Ang fresh na amoy ng pabangong gamit nito. Subalit mas nangibabaw ang pagkayamot niya dahil sa abalang ginawa nito at sa sobrang kayabangan. Naaalala pa niya ang ngiti nitong pagkaangas-angas ng dating.

“Lolo, isang conceited, mayabang, amoy-pawis, pangit at walang ka-ingat-ingat na nilalang na walang pakialam basta’t siya’y makapagmaneho lang.”

Napailing na lang si Lolo Manuel, walang planong gatungan ang inis ng apo. “Sige na, pumasok ka na sa silid mo, maligo ka na lang at magbihis.”

## 2

*Mukhang maganda ang mood ni Lolo Manuel, ah.*

Iyon ang agad na napuna ni Lianne pagdating ng bahay galing sa restaurant isang hapon. Agad niyang napansing pakanta-kanta pa ito habang naglalakad-lakad sa hardin. Bagaman likas na masayahin ang kanyang lolo, kapuna-punang higit na magaan ang pakiramdam nito nang mga sandaling iyon at mas maaliwalas ang mukha kumpara sa nakalipas na mga araw.

“Lolo, mukhang ang saya n’yo, ah,” puna niya.

“Talaga naman, apo,” nakangiting sagot nito at sinasabayan pa ng marahang indayog ang kinakanta.

“Bakit, Lolo? Ano po ba ang meron?” takang tanong ni Lianne.

“Apo, alam mo bang nakita ko kanina ang isang espesyal na kaibigang matagal ko nang hindi nakikita? Hindi ko akalaing makikita ko pa siyang muli,” excited na umpisa nito.

Naging interesado tuloy ang dalaga. “Sige nga po, Lolo. Kwento n’yo nga po sa ’kin ’yan.”

“Apo, nakita ko kanina si Carmen!” umpisa nito.

Agad inisip ni Lianne ang binanggit na pangalan, pero wala siyang naaalalang Carmen.

“Sino po ’yun, Lolo?” curious na tanong niya.

“Isang mabuting kaibigan. At alam mo bang halos limampung taon na ang nakakaraan nang huli kaming nagkita?”

Magkasintahan pala dati ang kanyang Lolo Manuel at ang tinutukoy nitong si Carmen. Tutol ang mga magulang ni Carmen sa pag-iibigan ng dalawa dahil may nagugustuhan na ang mga itong maging asawa ng anak, isang mayaman na mula sa lungsod.

Upang makatakas, nagpasya ang dalawang magtanan. Ngunit hindi nakarating si Carmen sa gabi ng kanilang pagtatagpo. Nahuli pala ito ng mga magulang nang patakas na aalis. Ilang araw itong ikinulong sa sariling silid. Nang payagan na itong lumabas ng bahay, tiniyak namang guwardiyado ito ng mga pinsang babae at lalaki. Nalaman na lamang ni Lolo Manuel ang mga nangyari sa pamamagitan ng sulat na ipinakisuyo ng babae sa isang kaibigan. Laman ng sulat ang paghingi nito ng tawad dahil sa hindi nagawang maipaglaban ang kanilang pag-iibigan at ang pagkakaloob nito ng kalayaan kay Lolo

Manuel na ibaling na lamang sa iba ang pagsinta. Bagay na hindi magawa ng lalaki sapagkat umaasa pa rin itong darating ang panahong mabibigyan din ng pagkakataon ang kanilang pag-iibigan. Sinulatan pa umano ni Lolo Manuel ng ilang beses ang babae ngunit hindi na ito sumagot.

Nang sumunod na buwan ay nagimbal na lamang ang lalaki nang kumalat ang balita sa bayan na nalalapit na ang pag-iisang dibdib ni Carmen at ng lalaking ipinagkasundo ng magulang dito. Bagay na labis na ipinagdamdam ni Lolo Manuel. Nagplano itong pumunta sa araw ng kasal upang tumutol sa isasagawang seremonya. Hindi na iyon nangyari dahil isang gabi bago ang araw ng kasal, binugbog ito ng ilang lalaki, na batid nitong mga tauhan ng ama ng mapapangasawa ni Carmen.

Kasabay ng araw ng kasal ay namatay na ang pag-asa sa puso ni Lolo Manuel. Matapos ang ilang buwan ding pagmumukmok, naghanap-buhay na muli ito at doon nakilala ang babaeng naging kabiyak. Naging magkaibigan lamang ang mga ito noong una at hayag sa babae ang pait na idinulot kay Manuel ng unang pag-ibig. Dahil sa madalas na magkasama, na-develop ang mga ito sa isa't isa at ang relasyon ay nauwi sa kasalan.

“Nakita kong muli si Carmen kanina. Nakatayo ako sa may gate nang may humintong sasakyan sa tapat ko. Si Carmen ang sakay n’un, kasama ang kanyang apo. Namukhaan daw niya ako, at para makasiguro, pinahinto niya ang sasakyan, tiningnan at kinausap ako. Bigla akong kinabahan nang makita ko siya. Pinatanda man siya ng panahon, bakas pa din sa kanyang mukha ang Carmen na kilala ko noon,” sabi nito.

“Lolo, ha,” sabi ni Lianne na sinabayan pa ng irap. “Huwag mong sabihing may balak ka pang dugtungan ang love story ninyo n’ung Aling Carmen na ’yun?”

“Ano ka ba, apo? Kahit pareho na kaming walang asawa, ang tanda-tanda na namin. Pareho na nga kaming may mga apo sa tuhod. Magaan lang ang kalooban ko na makita siyang muli. Masaya nga ako nang makilala ko din ang kanyang apo.”

Nagpaliwanag pa ang matanda. “Naging tapat ako sa lola mo nang maging mag-asawa kami. At wala akong inilihim sa kanya sa lahat ng mga bagay na pinagdaanan ko lalo na pagdating sa pag-ibig. Bagay na inunawa naman niya. Siya na lang ang minahal ko buhat noon at hanggang sa panahon ng kanyang kamatayan, nanatiling tapat ako sa kanya.”

Bagay na hindi talaga mapapasubalian ni Lianne. At masaya siya sa nakitang kasiglahan ng kanyang lolo. Hinangad niya tuloy na makilala ang babaeng tinutukoy nito.

“Inanyayahan ko silang dito na maghapunan bukas, kasama ang anak niya at apo,” dagdag pa nito.

“Okay na okay ’yan, Lolo,” pagsang-ayon ni Lianne. Iyon din sana ang balak niyang i-suggest para makilala ang mga taong nagpasiglang muli sa kanyang lolo. “Ipagluluto ko po sila at kukuha ako ng dagdag na putahe sa restaurant para sa ating mga special guests.”

“At mukhang mabait ang binatang apo niya, Lianne. Guwapong-guwapo pa,” dagdag ng matanda. “Single at available pa, at magkasing-edad lang kayo,” natatawang sabi pa nito.

“Lolo! Ano na naman ’yang naiisip ninyo? Ako naman ang nakita ninyo ngayon,” protesta ni Lianne.

“Malay natin, di ba? Wala ka pang ipinakikilalang nobyo sa akin, bagaman twenty-six ka na. Masyado ka yatang busy sa pag-aasikaso sa negosyo. Ayoko ding tumandang dalaga ka sa kaaalaga sa akin. Baka bukas ng gabi, makilala mo na ang iyong Prince Charming,” natatawang sabi nito.

“Lolo, lubayan ninyo nga po ako,” agad na salag niya. “Di ninyo pa po lubos na kilala ’yun. Baka hoodlum at basagulero ’yun, inaalok ninyo agad sa akin.”

“I’m sure na hindi bad boy ’yun. Mabait si Carmen. At alam kong maayos niyang nagabayan ang kanyang mga naging anak at mga apo,” tiwalang sabi ni Lolo Manuel. “Magalang ang pakikitungo ng apo niya at magaan ang loob ko sa kanya kahit kanina lang kami nagkita. Sinabi ko na nga kanina sa kanya na may apo akong dalaga.”

Natawa na lang si Lianne. Ano ba naman itong lolo niya? Dati ay nakakaisang dalaw pa lang ang lumiligaw sa kanya, inaayawan na agad. Mahigpit kumilatis. Hindi raw boto. Pagkatapos ngayon, heto at bigla na lang magrereto.

Inalis niya ang bagay na iyon sa isip. Ang mahalaga sa kanya ngayon ay makilala ang mga taong nagbigay ng kasiglahan at gaan ng kalooban sa kanyang lolo.

---

Kinabukasan, alas seis y media ng gabi ay nakagayak na si Lianne. Sa banggit kasi ni Lolo Manuel ay alas siete darating ang inaasahang mga

panauhin.

Maayos na rin nilang naihanda ang mga pagkain. Mula sa ulam hanggang desserts. Ihahain na lang ang mga ito sa hapag pagdating ng mga bisita. Ang mga pinggan at mga kubyertos ay nakaayos na sa mesa.

Narinig na niya ang paghinto ng sasakyan sa harap ng kanilang bahay. Dali-dali na siyang lumabas ng silid, sumunod sa kanyang lolo para salubungin ang mga dumating.

Si Tata Oscar ang nagbukas ng gate samantalang nanatili na lamang ang mag-lolo sa terrace dahil medyo maulan.

Isa-isa nang pumasok sa gate ang mga bisita. Nauna na ang isang matandang babae na sa hula niya ay si Aling Carmen. Sinalubong agad ito ni Lolo Manuel at ipinakilala sa kanya.

“Carmen, ito si Lianne, ang aking apo. Lianne, this is Carmen.”

“Kumusta po, Aling Carmen,” bati ni Lianne.

“Tawagin mo akong Lola Carmen, Lianne,” sabi nito. “Tama si Manuel, maganda ka nga.” Ngumiti pa ito sa kanya.

“Lola Carmen, nice meeting you po.”

“Ito ang anak kong si Albert at ang asawa niyang si Lucy,” pagpapakilala ng matandang babae sa mga kasama.

Magaan ang loob ni Lianne sa mga dumating. Palangiti at magiliw kasi ang mga ito. Tito at Tita pa nga ang gustong itawag niya sa mga ito.

“Ang panganay nilang anak ay sa Balagtas na nakatira buhat nang magkaasawa,” dagdag ni Lola Carmen. “Ang pangalawa ko namang apo, ’ayun,” sabay turo sa lalaking papasok sa gate.

Napatingin silang lahat sa lalaking nahuli sa pagpasok dahil inayos pa ang park ng sasakyan sa labas. Hindi agad nakita ni Lianne ang hitsura ng lalaki dahil bukod sa nakayuko ito habang naglalakad ay bahagyang natatakpan pa ng payong ang mukha nito. Sa kabilang kamay ay may bitbit itong basket na puno ng sariwang prutas.

Lahat ng mata ay napatuon sa binatang palapit. Ibinaba nito sa terrace ang bitbit na basket at isinara ang payong, saka humarap sa kanilang lahat. Curious tuloy si Lianne kung ano ba ang hitsura nito. Pero ang anticipation niya ay napalitan ng pagkabigla nang mamukhaan ang lalaki. Ito iyong nakaaway niya noong isang araw—ang lalaking dahilan kaya natilamsikan siya ng putik at maduming tubig! Ang

maangas at conceited na lalaking nagyayabang pa habang humihingi ng sorry!

*Totoo ba ito?* Parang gusto niyang sampalin ang sarili upang magising at isiping panaginip lang ang nangyayari.

“Here comes my apo... si Clint,” ani Lola Carmen na ngiting-ngiti at hinawakan pa sa braso ang binata.

“Good evening, everyone,” nakangiting sabi ng lalaki at iginalang paningin sa mga kaharap. Medyo nagulat din ito nang mapadako ang tingin kay Lianne.

Hindi naikaila sa lahat ang reaksiyon ng dalawa.

“Magkakilala kayo?” halos sabay-sabay na tanong ng mga ito.

“Yeah, we’ve met, kailan lang,” sabi ni Lianne na bagaman hindi nakasimangot ay hindi rin makangiti.

“Small world,” sabi ng lalaki.

Sa paningin ni Lianne, nang-iinis na naman ang ngiti nito.

Nagtataka si Lolo Manuel. “Ikaw talaga, Lianne, magkakilala na pala kayo ay di mo man lang sinasabi.”

“Hindi ko po alam, Lolo, na siya po pala ang tinutukoy ninyo.” Pinipigil niyang ipakita sa mga

kaharap ang pagkainis sa binata.

Muling nagsalita ang abuelo niya. “Okay, since magkakilala na pala kayo, ano pa ang hinihintay natin? Lalamig ang pagkain. Kumain na muna tayo.”

Naunang lumakad patungong kusina ang matatanda. Sumunod si Lianne, ayaw niyang sabayan ang binata. Sumunod si Clint sa kanya.

“Hi. Kumusta ka na?” bati nito sa kanya.

Tingin ni Lianne ay napakaangas ng lalaki. Inirapan lang niya ito.

Dahil sila ang huling pumasok sa dining area, no choice kundi ang umupo na lamang silang magkatabi sa natitirang dalawang bakanteng upuan doon.

Hindi maintindihan ng dalaga ang nararamdaman niya. Malayung-malayo kasi sa pagkakilala at description ng kanyang lolo ang pagkakilala niya sa binatang katabi. Tama at mababait nga ang pamilya ni Lola Carmen, hindi niya maitatangi iyon kahit ngayon pa lang niya nakilala ang mga ito, pero ang hindi niya maintindihan ay kung bakit sa dami ng lalaki ay si Clint pa ang naging apo ng matanda.

“Luto mismo ’yan ng aking apo,” proud na sabi ni Lolo Manuel.

“Masarap. Magaling palang magluto si Lianne,” sabi ni Lola Carmen, na sinang-ayunan nina Albert at Lucy.

“Ano ang masasabi mo sa luto ng apo ko, Clint?” nakangiting tanong ng lolo ni Lianne sa binata. “Nagustuhan mo ba?”

“Opo, Lolo. Masarap po at siyempre po gustung-gusto ko. Mahilig po akong kumain,” sagot ng lalaki na tumingin pa sa gawi niya.

*Gustung-gusto* niya rin itong irapan pero hindi niya magawa dahil alam niyang nakatingin ang lahat sa kanya. Pinili na lamang niyang ngumiti.

“O, Lianne, patikimin mo si Clint ng kare-kare. Ipagsandok mo siya. Lagyan mo ’yung mangkok niya,” utos pa ng lolo niya.

Lumabas tuloy na parang inaasikaso niya ito. Hindi niya tuloy maiwasang magdabog. Sinisimplehan nga lang niya para hindi siya mahalata ng mga kaharap, pero ipinahahalata niya iyon sa binata, kasabay ng simpleng irap.

“Thanks for that warm asikaso and hospitality,” tila nang-iinis pang sabi ni Clint na may kasamang ngiti.

Hindi naman nakaila kay Lolo Manuel ang mga kilos ng apo. Sinaway nito ang dalaga sa tingin.

Kaya kahit kunwari lang ay napilitan na si Lianne na asikasuhin ang binata. Napilitan din siyang kahit kunwari ay makitawa kapag nagkukuwento o nagbibiro ito sa mga kaharap.

Matapos kumain ay nag-aya na sa lanai ang kanyang lolo. Doon nagkuwentuhan ang matatanda habang umiinom ng mainit na Japanese green tea.

Nalaman ni Lianne na ang parents pala ni Clint ay mga retired high school teachers. Ang ate naman nito ay pinili na lamang maging housewife nang makapag-asawa pero ngayon ay nagsisimulang gawing negosyo ang hobby nitong baking.

Si Clint ang nagmamay-ari ng isang malaking computer shop sa kabayanan. Tumatanggap ito ng computer lay-out at printing jobs mula sa invitation, souvenirs, tarpaulin, photo at video editing. May hawak din itong grupo ng mga web designers. Hindi maikakailang financially stable na ang binata. Halatang ipinagmamalaki ito ng mga magulang.

Kung anu-anong topics ang kanilang napag-usapan, naging daan para magkakila-kilala pang lalo ang mga magkakaharap.

“Hey. Palagay ko ay naiinip na sa kuwentuhan natin itong dalawang mas bata,” sabi ni Lolo Manuel.

Natatawa namang tumango na lamang ang iba pa. Kasi nga karamihan sa pinag-uusapan ay mga kapanahunan pa ng mga ito.

“No, hindi po. I’m enjoying your company,” agad na sabi ni Lianne.

“Huwag na kayong mahiya. Go find something that would interest you more,” suhestyon ng daddy ni Clint.

“May bagong laptop si Lianne, Clint. Pwede mong i-check,” mungkahi ni Lolo Manuel.

“That is my son’s expertise,” sabi ng mommy ng binata. “Bukod sa music at movies, ’yan ang hilig ng bunso ko.”

“Gan’un ba? Magkakasundo pala kayo ng apo ko,” sabi ni Lolo Manuel. “P’wede kayong maghiraman, maraming collection ng DVD at VCD si Lianne sa loob.”

Ano ba itong mga ito, parang nananadya. Ayaw sana ni Lianne na magsolo sila ng lalaki, pero halos ipagtabuyan na sila ng matatanda sa pag-aakalang naiinip na sila sa kuwentuhan. Hindi malaman ng

dalaga kung papaano tatanggi.

“Okay, I’ll go check your laptop,” narinig niyang sabi ni Clint.

Gusto niyang magprotesta sa pagsakay nito sa suggestions ng matatanda, pero wala siyang nagawa kundi tumayo at mag-excuse sa mga kasama. Ganoon din ang ginawa ng binata at pagkatapos ay sabay na silang lumakad papasok sa bahay.

Nang alam niyang hindi na sila abot ng tanaw ng matatanda, binilisan na ni Lianne ang lakad, iniwan si Clint. Pero sumusunod lang ito sa kanya.

Nagpauna na siya sa pagpasok sa mini-library. Dahil solo na sila ng binata, hindi na niya napigilang ilabas ang inis na kanina pa kinikimkim.

“Ano ba ang problema mo?” tanong niya sa lalaki.

“Why?” pagmamaang-maangan pa ni Clint. Relaxed pa itong umupo sa isang wooden chair doon at ipinatong ang braso sa study table.

“Nananadya ka ba?” galit na tanong niya.

“Anong nananadya? Alangan namang tanggihan ko ang lahat ng sabihin ng lolo mo. Tinanggap niya kaming maayos dito sa inyo. I don’t see anything wrong sa mga sinasabi ng lolo mo o ng lola ko at ng

parents ko para kontrahin ko sila,” paliwanag nito.

“Ang tindi mo talaga!” Iyon na lang ang nasabi niya sa panggigigil sa kaharap. Nanatiling nakatayo ang dalaga.

“That is not the proper way to treat a guest,” sabi nitong tila ayaw patalo.

“I don’t consider you as a guest!” pagtataray niya.

Hindi na lang siya pinansin ng binata. Iniba nito ang usapan. “Sabi ni Lolo, I should check this new laptop.” At hinawakan nito ang nakapatong na laptop sa mesa.

“Walang problema ’yan. Kaya ’wag mong hawakan ’yan,” mataray niyang sabi.

Napikon na rin si Clint. Nilapitan nito ang dalaga. Tumayo ito sa harap ni Lianne.

Nagulat siya at hindi nakakilos, bukod sa wala na rin siyang mauurungan dahil nakasandal na siya sa book cabinet.

“Ano ba ang problema mo at ang taray-taray mo?”

Biglang nangimi ang dalaga. Hindi maikakailang matangkad si Clint sa kanya. Hindi rin siya nakakibo

sa maawtoridad na tinig at mukha ng kaharap. Kakatiting lang ang pagitan ng mukha nito sa mukha niya.

Tinangka niyang umalis sa harap ni Clint pero iniharang nito ang braso sa pamamagitan ng pagtukod ng kamay sa cabinet na kinasasandalan niya. Lalong hindi nakakilos si Lianne.

“Tatahimik ka din pala, eh. Masyado kang suplada. Kaya siguro hanggang ngayon, hindi ka pa nagkakanobyong, ang sungit mo kasi,” pang-aasar nito bago bumalik sa inuupuan kanina.

“Antipatiko! Wala kang pakialam sa personal life ko, ’no,” napipikong sagot ni Lianne dito.

Nagkibit-balikat lang ang binata.

---

“Ano ang tingin mo kay Clint?” tanong ni Lolo Manuel sa kanya nang umalis na ang mga bisita.

“Lolo!” nabiglang sabi ni Lianne. “Ano naman pong tanong iyan?”

“Tingin ko ay bagay na bagay kayo,” tukso nito.

“Yuck! ’Wag na lang, Lolo!” tila nandidiring sabi niya.

“Bakit ba inis na inis ka kay Clint? Kanina ko pa nahahalata ’yan, ah,” obserbasyon ng matanda.

“Lolo, alam mo ’yung kinukuwento ko the other day na lalaking nagtilamsik sa akin ng tubig at putik, di ba? Si Clint po ’yun!” paliwanag ni Lianne.

“Unawain mo na lang, apo. Nagmamadali lang siguro siya noon,” pagtatanggol nito.

“Lolo, ha, mukhang mas kakampihan ninyo pa ’yun ngayon kaysa sa akin,” kunwa’y may tampong sabi niya.

“Ang apo ko naman nagtampo pa,” malambing na sabi ng matanda at niyakap ang apo para huwag na ring humaba ang usapan.

### 3

Ang mga sumunod na araw ay hindi niya alam kung talaga bang sinasadya ng pagkakataon o sinasadya na lang ng kanyang lolo. Parang pilit kasi silang pinagtatagpo ng lalaking kinaaasaran niya.

“Lo, punta na po ako sa restaurant,” paalam niya isang umaga.

“Okay, apo. Ingat ka,” bilin nito.

“May ipapa-install lang po akong program dito sa laptop ko bago ako pumunta sa restaurant.”

“Ganun ba? Eh, I’m sure na alam ni Clint ’yan,” mungkahi agad ni Lolo Manuel.

“Lolo, naman, eh. Magpapagawa ako sa iba pero hinding-hindi d’un sa lalaking ’yun!”

“Ano? Batang ito. Ano ba ’yang sinasabi mo? Nakasimangot ka pa yata, ah!”

“Maaabala pa po ’yung tao, madami naman pong service centers sa bayan,” dahilan na lamang niya.

Pumasok muna siya sa silid at kinuha ang laptop. Paglabas niya ay narinig niyang patapos na ang

pakikipag-usap ng kanyang lolo sa kabilang linya.

“Okay. Tamang-tama. So daan ka na lang dito. Hintayin ka na lang ni Lianne.”

“Lolo, sino po ang kausap mo? Alis na po ako,” sabi niya.

“Huwag ka nang umalis,” pigil nito. “Dadaan dito si Clint, bago siya pumunta sa shop. Itinawag kong may aayusin sa laptop mo. Papunta na din naman siya sa shop kaya sinabihan kong dumaan na dito.”

“Lolo talaga...” ang tanging nasabi na lang ng dalaga.

Wala pang five minutes ay narinig na niya ang paghinto ng sasakyan sa tapat ng bahay nila. Alam niyang si Clint na iyon.

“Lianne, salubungin mo nga si Clint,” utos ng lolo niya dahil may kabagalan na nga itong maglakad.

Ang malapad na ngiti ng binata ang muling sumalubong sa kanya nang pagbuksan niya ito ng gate.

*Sira na naman ang araw ko,* nasabi na lang ni Lianne sa isip. Irap ang iginanti niya sa mapang-asar na ngiti ng lalaki.

“Hi, good morning. Tumawag si Lolo, you need my help daw?” bungad nito pagpasok sa gate.

“Hindi ako. Si Lolo lang ang may gusto, 'no!” mataray na sabi niya. Tinalikuran na niya ang lalaki at lalakad na sana papasok ulit ng bahay, pero nakatanaw na pala sa kanila si Lolo Manuel.

“Papasukin mo nga si Clint. Bakit ba diyan kayo nag-uusap sa labas?”

“Hindi daw po siya magtatagal, Lolo,” sabi niya, at sinulyapan ang binata. Matalim ang tingin niya rito.

“Papasukin mo nang makainom kahit juice lang. Ano ka ba namang bata ka, bisita 'yan eh,” sermon pa nito.

Wala na siyang nagawa kundi patuluyin ang binata.

“Good morning, Lolo,” bati ni Clint sa matanda. Ipinatong nito sa mesa sa terrace ang mga dalang sariwang suha. “Dala po ng kaibigan ko galing Davao. Tikman ninyo po.”

“Salamat. Paborito namin 'yan ng apo ko. Ikaw ba ay nag-almusal na?”

“Tapos na po, Lolo, 'wag na po kayong mag-

abala.”

Lumabas na din si Nana Cely dala ang isang basong sariwang mango juice para sa dumating.

“May sinasabi ang apo ko na ilalagay daw sa laptop niya, kaya tinawagan kita,” sabi ni Lolo Manuel.

“Sige po, wala pong problema,” magiliw na sagot nito.

Sinabi ni Lianne ang program na kailangang ilagay sa laptop.

“Okay. Pero nasa shop ’yung installer ko. Maganda siguro kung dadalhin ko muna ito,” sabi nito.

Gustong tumutol ng dalaga. Parang ayaw niyang ipagkatiwala iyon sa binata. Pero nauna na ang sagot ni Lolo Manuel.

“Sige. Tawag ka na lang kay Lianne kapag tapos na. Para makuha na niya sa shop o kaya ay idaan mo na lang dito mamayang gabi.”

Hindi na kumibo si Lianne.

“Sabay na siguro kayo papunta sa bayan, para hindi na kayo tanghaliin pareho,” nasabi na lang ng matanda nang naubos na ni Clint ang juice.

“Magko-commute na lang ako, Lolo. May dadaanan pa po kasi ako,” pagdadahilan niya.

“Sumabay ka na, apo, para hindi ka na mamasaha. ’Ayan at may sasakyan naman si Clint. Ibababa ka na lang niya doon sa dadaanan mo,” pagpipilit ng lolo niya.

“Okay, sige po. Tutuloy na po kami,” sagot agad ni Clint.

Wala nang nagawa si Lianne kundi ang sumakay na rin sa sasakyan ng lalaki matapos magpaalam sa lolo niya at magbilin sa mag-asawang katiwala.

Walang kibo ang dalawa habang nagbibiyaha. Pinatugtog na lang ng lalaki ang *iPod* ng sasakyan.

“Saan nga pala ’yung dadaanan mo?” tanong ni Clint.

“Ha? Ah—” Walang maisip agad na isasagot si Lianne.

“Wala ka naman kasi talagang dadaanan. Alam ko namang idinadahilan mo lang ’yon kay Lolo,” sabi nito.

“Buti alam mo!” Mabuti nang alam ng binata na ayaw talaga niyang sumabay rito.

“Nahihiya lang ako kay Lolo kaya isinabay na din kita,” ganting sagot ng lalaki.

“Kung alam lang ni Lolo kung gaano kapangit ’yang ugali mo, hindi niya ako pasasabayin sa ’yo. Akala niya kasi mabait at magalang ka,” sabi niya.

“Mabait si Lolo Manuel sa akin kaya I don’t see any reason para hindi ako maging mabait sa kanya. Kung ano ang pakikitungo sa akin ng isang tao, ganoon din ako makikitungo sa kanya,” makahulugang sagot nito.

Na-gets ni Lianne ang ibig sabihin ng binata. Na masungit siya kaya’t masungit din ang pakikitungo nito sa kanya.

“Antipatiko,” pabulong na nasabi niya.

Inis ang naramdaman ni Clint sa ipinakikitang asal sa kanya ng babae. Hindi naman niya masagot ito. Naibaling niya tuloy sa pagmamaneho ang inis. Pinaharurot ang sasakyan.

“Ano ba ang problema mo? Ganyan ka ba talagang magmaneho?” paasik na sabi ni Lianne.

“Masyado ka kasing madada!” ganting sagot ni Clint. “At dapat nagsi-seatbelt ka kasi.”

“Kung ayaw mo akong nakasakay dito sa sasakyan

mo, mas ayaw ko! Ang yabang-yabang mo.”

“Ang taray-taray mo kasi,” di patatalong sagot ng lalaki, hindi binabago ang takbo ng sasakyan, lalong iniinis ang dalaga.

“Ibaba mo ako!” singhal ni Lianne na hindi pinapansin ng lalaki. “Ibaba mo sabi ako, eh! Ihinto mo ang sasakyan!” Mas malakas ang boses nito kaysa kanina.

Bagay na lalong nagpainis kay Clint. Bigla niyang inapakan ang brake.

Nang huminto ang sasakyan, agad na binitbit ni Lianne ang mga gamit at bumaba. Ni hindi nito tiningnan ang lalaki at pabalibag na isinara ang pinto.

Nang nakababa na ang dalaga, saka nakapag-isip-isip si Clint. Maging siya ay nagulat sa inakto niya sa harap nito kanina. Nang padabog nitong ibalibag ang pinto paglabas ng sasakyan, saka siya natauhan. Gusto niyang tawagin ito para ayaing sumakay ulit pero naunahan na siya ng kanyang pride kaya hindi na niya nagawa iyon bukod sa agad nang pinara ng dalaga ang dumaang tricycle.

Ano ba ang nagawa niya kanina? As much as he'd tried to control his temper, kumawala pa rin iyon. Masyado kasi siyang nainis kay Lianne. Parang

napuno na siya. Masyado kasing mataray. Mula pa nang una niya itong nakita, nang magpunta sila sa bahay nito, hanggang ngayon, nagsusungit pa rin.

Hindi ganoon ang pagtrato niya sa tao, lalo pa sa babae. Pinalaki siya ng mga magulang—gayon din ng kanyang lola—sa kagandahang-asal. Kaya kahit siya ay nagulat sa inakto niya sa harap ng dalaga kanina. Agad niyang naisip, nakakahiya kay Lolo Manuel kapag nalaman nito ang nangyari. Bagaman sandali pa lang silang nagkakakilala ay magaan na ang loob ni Clint sa matanda. Maganda ang pakitungo nito sa kanya, at bukod doon, kaibigan ito ng kanyang lola.

*Ang taray naman kasi ng babaeng 'yun, depensa niya sa sarili. Nag-sorry na siya noong una pa, nagsungit agad. Ginawan at pinakitaan naman niya ng mabuti, nakairap pa rin palagi.*

*Kasi masyado ka yatang maangas kapag magkaharap kayo. Gustung-gusto mo kapag naiinis o napipikon siya sa iyo, kutya ng isang panig ng isip niya. O baka naman nadamay na lang si Lianne sa naiipong inis na nasa kalooban mo?*

Nawala ang pilyong ngiti sa kanyang labi. Muling naalala ang nakaraan.

---

Nasa college si Clint nang makilala niya si Pia. Estudyante ito sa kursong Tourism sa university na pinapasukan. Mas matanda ito sa kanya ng isang taon. Naging magkaibigan sila nang magkasama sa isang organization sa university. Pagkakaibigan na nauwi sa pagiging magkasintahan. Relasyong hindi naman tinutulan ng mga magulang ng dalawa, at maging ng kanilang mga kaibigan. Nakita rin kasi ng mga ito kung paano nila na-inspire ang isa't isa para maging masikap sa kanilang pag-aaral.

Nang magtapos ng kolehiyo at magkaroon ng trabaho si Pia, nabawasan na ang pagkakataong magkasama sila. Pero basta't maisisingit nilang magkita o kahit magtawagan at pumasyal sa bahay ng isa't isa, ginagawa nila. Alam nilang napakahalaga ng communication para sa maayos na relasyon.

Hindi naglipat-taon ay nakatanggap ng trabaho si Pia sa ibang bansa. Bagay na sa una pa lang ay tinututulan na ni Clint. Pero naging mapilit ang dalaga, at sa huli'y pinayagan na rin niya sa paniniwalang ito ang magbibigay ng fulfillment sa kasintahan. Kasama ang ilang mga dating kaklase, lumipad si Pia papuntang China. Nabawasan na ang communication nila dahil bihira na ring makapag-chat ang nobya dahil sa trabaho. Siya naman ay naging busy sa huling semester sa kolehiyo.

Buo ang pagtitiwala ni Clint na kung paanong nananatili siyang tapat sa kasintahan habang hinihintay ang pagbabalik nito ay ganoon din ang dalaga sa kanya. Pinanghawakan niya ang pangako nitong mananatiling siya lang ang mamahalin kahit magkalayo sila. Naging maunawain siya sa kanilang sitwasyon. Itinatak niya sa isip ang madalas sabihin ng nobya sa kanya: *“Dapat malawak ang pang-unawa mo, be mature enough dahil mahirap talaga ang sitwasyon nating magkalayo.”*

Nagulat na lang si Clint nang mag-chat ito sa kanya isang araw.

*“I’ll be in Manila in four hours,”* sabi nito. *“Malapit na ang departure ng flight ko dito sa China. Meet me at the airport.”*

Nakaramdam ng pananabik si Clint sa pag-uwi ng kasintahan. Pinakamaganda na yatang graduation gift para sa kanya ang pag-uwi nito.

Masigla siyang gumayak para sunduin ito. Saktong wala silang pasok noon dahil may seminar ang mga professors sa school. Natuwa rin ang kanyang mga magulang nang ibalita niyang uuwi na ang kasintahan. Ipinagamit pa nga ng mga ito ang sasakyan sa pagsundo sa dalaga.

Alas nueve ng gabi ang dating ni Pia pero alas ocho pa lang ay nag-aantabay na si Clint. Sinipat niya ang bouquet of roses na ibibigay rito. Suot din niya ang pinakamagandang polo at pantalon, bagong paligo at nag-spray ng pabangong alam niyang gusto ng nobya. Maayos din ang pagkakasuklay niya sa buhok. Masaya niyang sinasabayan ang tugtog na nagmumula sa player sa sasakyan.

Nang lumabas na ang kasintahan patungo sa waiting area, sabik na sinalubong ito ni Clint, mahigpit na niyakap at ginawaran ng masuyong halik sa magkabilang pisngi. Nang ayain niya ito sa sasakyan, iniabot niya rito ang bouquet of roses.

“Ayan, para sa mga atraso ko sa anniversary natin at birthday mo this year na hindi kita nabigyan ng bulaklak dahil malayo ka.”

Nakangiting tinanggap iyon ng dalaga. “Salamat.”

Isang smack na halik sa labi ang iginawad ni Clint sa kasintahan. Hahaba pa sana ang halik na iyon pero pinigil na siya ni Pia.

“Clint, mag-usap muna tayo,” sabi nito.

Natigilan siya. Tingin niya ay mukhang matamlay ito.

*“Nagugutom ka ba? Are you tired? Is there anything you want?” sunud-sunod na tanong niya.*

*Sa isang restaurant malapit sa airport sila nagpunta. Pinili ng dalaga ang lugar doon na hindi sila kita ng karamihang tao.*

*Matamlay ang kilos ni Pia, kabaligtaran ng masigla at napakasayang mood ng binata. Iniisip ni Clint na dala lamang iyon ng pagod sa biyahe.*

*Nasa kalagitnaan na sila ng pagkain nang simulan ni Pia ang gustong sabihin sa kanya.*

*“I’m sorry, Clint,” umpisa nito, nangingilid na ang luha.*

*“Sorry for what?” nagtatakang tanong niya.*

*“For all those times that I should have been there for you pero hindi ko nagawa.”*

*“Ano ka ba naman, mahal. Wala na ’yon. Ako man ay nagkulang din sa iyo,” maunawaing tugon niya. “Ang mahalaga ay nandito ka na and we have all the time to make it up to each other,” malambing pa niyang dagdag at hinawakan ang kamay ng nobya.*

*Akmang hahalikan niya iyon pero agad na binawi ng dalaga. “Clint, alam kong magagalit ka sa ipagtatapat ko,” patuloy nito. “Hindi ko gustong saktan*

ka, hindi ko sinasadya.”

“Ano ang ibig mong sabihin?” naguguluhang tanong niya.

“I’m in love with somebody else,” pagtatapat nito.

Parang namanhid ang buong katawan ni Clint sa narinig.

“Sabihin mong nagbibiro ka lang,” sabi niya.

“I’m not,” sagot nito. “Isa sa mga dahilan ng pag-uwi ko dito ay para ipagtapat ito sa iyo. Dahil gusto kong sabihin ito sa iyo nang harapan.”

Nagsimulang mangilid ang luha sa mga mata ni Clint. Ipinagpatuloy ni Pia ang pagtatapat.

Sa pinapasukang hotel sa China muling nakatagpo nito si Edward, ang kababatang matagal nang hindi nakikita. Sa madalas na pagkakataong nagkakasama ang dalawa, napalapit lalo ang loob ng mga ito sa isa’t isa. Sa huli, ipinagtapat din ni Pia kay Edward na mayroon na itong kasintahan. Sinubukang maghiwalay ng dalawa pero aminado ang babae na sa sandaling panahong muling nakasama ang kababata, nahulog nang lubos ang loob nito sa lalaki. Naging kasama nito si Edward sa kalungkutan at pagharap ng problema sa bansang malayo sa mga kapamilya at

*mahal sa buhay. Sinubukan umano nitong kontrolin ang nararamdaman sa dating kababata alang-alang kay Clint, pero sa huli, ang kababata pa rin ang hinahanap nito.*

*“Gusto kong maging totoo sa iyo kaya ko sinasabi sa iyo ang lahat ng ito,” pagtatapos ni Pia.*

*Galit ang naramdaman ni Clint. Gusto niyang magwala, gusto niyang sumigaw. Tuloy ang daloy ng luha sa kanyang mga mata dahil sa sakit ng ipinagtapat ng kasintahan. Pinili na lang niyang lumabas ng restaurant. Agad na sumunod si Pia.*

*Mabilis ang lakad ni Clint, hindi alam kung saan pupunta. Sa nakitang pader, inilabas niya ang sama ng loob. Pinagsusuntok niya iyon. Napasigaw na lang din siya sa naramdamang sakit, pero hindi niyon mapapantayan ang sakit sa kanyang kalooban. Iyak naman nang iyak si Pia, napuno ang puso ng pag-aalala nang makita ang duguang kamao ng binata.*

*“I’m sorry, Clint, hindi ko sinasadyang saktan ka.” Inaalalayan pa nito ang binata.*

*“Mahal na mahal kita, Pia... Bakit mo nagawa sa akin ’to?”*

*“I’m sorry,” tanging nasabi lang nito habang umiiyak. Sa ganoon nagtapos ang gabing iyon.*

Sa lungkot at sama ng loob na naranasan, nawalan ng sigla ang binatang masayahin. Nang magtapos siya sa kolehiyo, natuwa siyang makitang masaya ang kanyang mga magulang, pero deep inside him, nandoon pa din ang matinding kalungkutan.

Naging maunawain at supportive naman ang kanyang mga magulang, maging ang kanyang mga kaibigan, bagay na mas nakatulong para makarecover siya.

Ipinakilala ni Pia sa kanya ang bagong kasintahan bago bumalik ang dalawa sa China. Kinapa ni Clint ang kalooban. Naroroon pa rin ang sakit—pero alam niyang sakit na lamang iyon ng nasugatang pride at pagkalalaki dahil sa nangyari.

Itinuon niya ang atensyon sa pagbubukas ng negosyo, na sinuportahan ng kanyang mga magulang. Pinahiram siya ng puhunan para makapagsimula. Karamihan din sa mga taong nakuha niya ay mga kaibigan, kung kaya't napalago niya ang negosyo at sa awa ng Dios ay matatag pa rin hanggang sa ngayon.

Bumalik ang dating masigla at masayahing si Clint. Pero ang hindi niya naibalik ay ang kakayahan ng puso na muling magmahal. Matapos ang kabiguan sa unang pag-ibig, hindi na siya muling nakipagrelasyon. May ilang dates na inirereto ang

kanyang mga kaibigan na pinauunlakan naman niya pero kadalasan ay hanggang doon na lang. Hindi nauwi sa seryosong relationship.

Mula noon, parang nilagyan niya ng limit ang pakikitungo sa mga babae. Tama, masarap silang kasama bilang kaibigan, barkada, pero iyong romantic relationship, parang na-trauma na siya. Hindi niya isinasara ang puso sa pag-ibig, pero ayaw niyang muling makipagsapalaran. Ayaw niyang muling mapaglaruan ang kanyang damdamin. Gusto niyang maging lalong maingat. Ayaw na niyang maloko ulit.

At ang inis sa nagawa ni Pia ay muling bumangon sa kanyang pagkatao nang mapuno siya kay Lianne kanina.